Ashfield Girls' High School

A Specialist School for ICT

Anti-Bullying - Filipino

Ashfield Girls' High School - Patakaran para sa Pagsupil sa Paninindak
Anti-Bullying (Tagalog)

Paliwanag

Ang Paninindak ay isang suliranin na nagdudulot sa matinding pag-aalala at pagkabagabag sa biktima at ng kanilang pamilya. Ang paaralan ay mayroong responsibilidad na tukuyin at makitungo tungkol sa paninindak.

Ang Paninindak ay maraming mga anyo. Ito ay maaaring sa anyo na:

• Pang-aabusong Pisikal –pag-palo, pag-sipa, pagkuha at pagsira ng mga ari-arian.
• Pang-aabuso sa salita –pagtawag na kakaibang pangalan, pang-iinsulto o paulit-ulit na pang-aasar.
• Pang-aabusong Mental –ng tuloy-tuloy na ginagawa hal. paghihiwalay ng isang tao sa mga kasamahan.

Ang Paninindak ay may kahulugan na mga masasamang pag-uugali na ginawaga ng paulit-ulit sa ilang mga bilang na okasyon.

Mga Layunin

Nasa kapakanan ng lahat na miyembro ng pamayanan ng paaralan na ang relasyon sa pagitan ng mga kawani at mga mag-aaral, kawani at kawani at mag-aaral at mag-aaral ay isinasagawa sa kapaligirang may respeto sa bawat isa. Ang layunin ay makalikha ng pansariling-kultura sa loob ng paaralan na kung saan ang paninindak ay hindi matatanggap. Ang kapaligiran na may paggalang sa bawat isa ay dapat payamanin at sa sandaling mayroong paninindak ay mabisa at agaran itong matutugunan.

Mga Patnubay

Ang paaralan:

• Hinihimok ang mga mag-aaral na ipagbigay-alam ang anumang uri ng paninindak
• Umaasa na ang mga guro ay makikinig at kikilos ng naaangkop, itatala ang mga pangyayari ng wasto at, kung kinakailangan magsasangguni sa nakatakdang guro.
• Ipaalam sa mga mag-aaral, magulang at kawani ang mga proseso sa pakikitungo sa mga naninindak.
• Kasama ang lahat ng mga kawani, pati ang mga kawaning hindi nagtuturo.
• Ipagbigay alam sa lahat ng mga mag-aaral at magulang ang patakaran na ‘Zero tolerance’ tungo sa paninindak.
• Mayroong naisatupad na istratehiyang aktibo at makakaiwas na tugon ukol sa paninindak.

Mga Proseso

• Ang mga guro ay dapat kapanayamin ang mga partido na kasama para malaman ang tunay na ugat ng problema.
• Isang pagsasalarawan ng mga pangyayari at mga aksyon na ginawa ay dapat magawa sa isang takda ng pagsasangguni at ang mga kopya nito ay naibigay sa mga

kinauukulang guro. Napakahalaga na itago ang lahat ng nakasulat na mga tala ng nasabing insidente.

• Kung ang isang pangyayari ay hindi madaling maayos ang mga sumusunod na proseso ay dapat ipatupad.

i) ang biktima at/o ang gumawa ng paninindak ay dapat ipapalam sa Paaralan Counsellor o nakatakdang guro.

ii) ang mga magulang ay dapat imbitahan sa paaralan para sa isang pakikipanayam na kasama ang isang tagapagsalin kung kinakailangan.

iii) ang pangyayari ay dapat masusing binabantayan para makasigurado na wala nang paninindak na magaganap.

iv) ang gumawa ng paninindak ay maaaring ihiwalay sa mga kasama nito o sa mas malubhang mga kaso i-suspende.

Principal: Mrs A Mungavin BA DipEd PQH (NI)
Holywood Road · Belfast · BT4 2LY · **Tel:** 028 90471744 · **Fax:** 028 90672416
E-Mail: info@ashgirls.belfast.ni.sch.uk · **Internet:** www.ashfieldgirls.org